# ((Nagdasal ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa araw ng Pagkatay,pagkatapos ay nagsermon,pagkatapos ay nagkatay, at Nagsabi siya: Sinuman ang kumatay bago siya magdasal,ay magkatay ng iba bilang kapalit niya,at sinuman ang hindi pa nakapagkatay,ay kumatay sa pangalan ni Allah))

Ayon kay Jundub bin 'Abdillah Al-Bajallīy malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:((Nagdasal ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa araw ng Pagkatay,pagkatapos ay nagsermon,pagkatapos ay nagkatay, at Nagsabi siya: Sinuman ang kumatay bago siya magdasal,ay magkatay ng iba bilang kapalit niya,at sinuman ang hindi pa nakapagkatay,ay kumatay sa pangalan ni Allah))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagsimula ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Araw ng Pagkatay sa Pagdarasal,pagkatapos ay ipinangalawa niya ang Pagsermon,pagkatapos ay ipinangatlo niya ang Pagkatay,at siya ay lumalabas sa pagkakatay niya bilang pagpapakita sa mga Palatandaan ng Islam at Pagbibigay Kapakinabangan sa Pangkalahatan,at Pagbibigay-aral sa Ummah,At nagsabi siya na may pagbabatay sa kanila sa Panuntunan at Kondisyon mula sa mga kondisyon ng pagkakatay:Sinuman ang kumatay bago siya magdasal,Tunay na ang kinatay niya ay walang gantimpala,magkatay ng iba bilang kapalit niya,At sinuman ang hindi pa nakapagkatay,ay kumatay sa pangalan ni Allah,Nang sa gayon,ang pagkatay ay maging tumpak,at ang kinatay ay maging Halal,na siyang nagpapatunay sa pag-oobliga ng pagkakasunod-sunod na ito,na kung saan ay hindi ginagantimpalaan ang iba rito,At ang Hadith na ito ay tumutukoy din sa pagsisimula ng oras ng pagkakatay sa pagtatapos ng pagdarasal ng `Eid,at hindi sa oras ng pagdarasal,at hindi sa pagkatay ng Imam maliban sa sinumang hindi na-oobliga sa kanya ang pagdarasal ng `Eid,katulad ng manlalakbay.Taysīrul 'Allām Tanbīhul Ahlām Ta'sīsul Ahkām